Pagdiriwang ng Pandaigdigang Panalangin—2024

Pagpupuri—Ang Diyos ay Dakila: pinakamahalaga, tagapamuno ng lahat, kilalang may pinakamabuting karakter; kahanga-hanga sa lawak, antas, lakas, kapangyarihan, at sukat.

Sa inyo ang kadakilaan, ang kapangyarihan, ang karangalan at ang pagtatagumpay sapagkat inyo ang lahat ng nasa langit at nasa lupa. Sa inyo ang kaharian at kayo ang dakila sa lahat. 1 Cronica 29:11 MBBTAG

Panginoong Yahweh, pinasimulan mo nang ipakita sa akin ang iyong kapangyarihan. Sinong diyos sa langit o sa lupa ang makakagawa ng iyong ginagawa? Deuteronomio 3:24 MBBTAG

Dakila ka, Yahweh, at karapat-dapat na ika'y purihin; kadakilaan mo'y tunay na mahirap naming unawain.
Awit 145:3 MBBTAG

Ang panalangin ko ay nawa'y liwanagan ng Diyos ang inyong mga puso upang malaman ninyo ang pag-asa na para doon ay tinawag niya kayo, kung gaano kasagana ang pagpapalang inilaan niya para sa kanyang mga banal, at kung ano ang di-masukat niyang kapangyarihan na kumikilos sa atin na mga nananalig sa kanya. Ang dakilang kapangyarihan ding iyon ang muling bumuhay kay Cristo at nag-upo sa kanya sa kanan ng Diyos sa kalangitan.
Efeso 1:18-20 MBBTAG

Pagpapahayag ng Kasalanan—Ako'y kaawaan, O mahal kong Diyos, sang-ayon sa iyong kagandahang-loob; mga kasalanan ko'y iyong pawiin, ayon din sa iyong pag-ibig sa akin. Awit 51:1 MBBTAG

Pasasalamat—Ayon sa inyong pangako, niloob ninyong maging dakila ang inyong lingkod. Napakadakila mo, O Panginoong Yahweh. Wala pa kaming nababalitaang Diyos na tulad ninyo. Ikaw lamang ang Diyos.
2 Samuel 7:21-22 MBBTAG

Pamamagitan:

Sa Ating mga Anak
Nawa'y si _____ ay bumangon nang buong tapang sa lakas ng Panginoon at nawa'y ang kaluluwa ni _____ at ang lahat na siya ay ipahayag ang kadakilaan ng Panginoon! Nawa'y ipahayag ni _____ sa darating na henerasyon ang mga papuri sa Panginoon, at ang Kanyang kapangyarihan at ang Kanyang mga kamangha-manghang gawa na Kanyang ginawa. (batay sa Awit 138:3, Lucas 1:46, Awit 78:40 MBBTAG)

Para sa Naliligaw
Kung ipahahayag ng iyong bibig na si Jesus ay Panginoon at buong puso kang sasampalataya na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka. Roma 10:9 MBBTAG

Sa mga Mag-aaral
Gaya ng pangako, sila'y iniligtas, upang ipadama na ang Panginoo'y dakila't malakas. Awit 106:8 MBBTAG

Sa mga Guro
Sa inyo nagmumula ang kayamanan at ang karangalan at kayo ang naghahari sa lahat. Taglay ninyo ang kapangyarihan at kadakilaan, at kayo ang nagbibigay ng lakas at kapangyarihan sa lahat. 1 Cronica 29:12 MBBTAG

Sa Paaralan
Sa ganyang paraan ko ipapakita sa lahat ng bansa na ako ay makapangyarihan at ako ay banal. Sa gayo'y makikilala nilang ako si Yahweh. Ezekiel 38:23 MBBTAG

Mga Nanay sa Panalangin
Siya ay mabuti at kahit kanino'y hindi nagtatangi; sa kanyang nilikha, pagkalinga niya ay mamamalagi. Magpupuring lahat sa iyo, O Yahweh, ang iyong nilalang; lahat mong nilikha ay pupurihin ka't pasasalamatan.Babanggitin nilang tunay na dakila ang iyong kaharian, at ibabalitang tunay kang dakila't makapangyarihan. Dakila mong gawa'y upang matalastas ng lahat ng tao, mababatid nila ang kadakilaan ng paghahari mo. Awit 145:9-12 MBBTAG

Moms in Prayer INTERNATIONAL™
Ang mga Nanay na Nagdadasal sa Iba't-ibang Bansa